Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak**, **T** kung ito ay **tambalan**, at **H** kung ito ay **hugnayan**.

1. Ang pangulo ay umakyat sa entablado at nagbigay ng talumpati. (__)
2. Mamamasyal kami sa plaza pagkatapos namin magsimba. (__)
3. Malalaki ang silid-tulugan at malinis ang malaking bakuran. (__)
4. Pumasok ang mga bata nang marinig nila ang tunog ng kampanilya. (__)
5. Ang blusa ay maganda, ngunit hindi ito kasya sa akin. (__)
6. Kung wala akong kasama, hindi ako papayagan na umalis ng bahay. (__)
7. Nahuli sa klase si Tom dahil hinatid pa niya ang kanyang kapatid. (__)
8. Kumakain ng almusal si Noel at nagbibihis si Sonia sa kuwarto. (__)
9. Nagpatahi ng uniporme si Natalie sa kanyang tita na modista. (__)
10. Alamin natin ang mga karapatan ng bawat batang Filipino. (__)
11. Papaliguan namin ang aso o didiligan namin ang mga halaman. (__)
12. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw. (__)
13. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay. (__)
14. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas. (__)
15. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop. (__)
16. Hindi tayo makakaalis habang malakas pa ang buhos ng ulan. (__)
17. Mahilig mag-alaga ng iba't ibang hayop ang kapatid ko. (__)
18. Dahil masipag at desidido siya, nakatayo siya ng sarili niyang negosyo. (__)
19. Umalis ako sa bahay nang maaga, subalit wala akong masakyan na dyip. (__)
20. Kapayapaan at kaayusan ay nais ng mga mamamayan sa Mindanao. (__)

©2013 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak**, **T** kung ito ay **tambalan**, at **H** kung ito ay **hugnayan**.

1. Ang bagong tuta niya ay isang pitbull at pinangalanan niya itong Junior. (__)
2. Magaling umarte ang mga aktor at aktres sa pelikulang napanood ko. (__)
3. Gusto nilang magbisikleta, subalit masama ang lagay ng panahon ngayon. (__)
4. Ang tunay na kaibigan ay mapagkakatiwalaan sa panahon ng kagipitan. (__)
5. Habang umaawit si Fiona, si Jenny ay tumutugtog ng piyano. (__)
6. Iligpit na ninyo ang mga laruan sa sala bago dumating sina Tatay at Nanay. (__)
7. Pag-aralan natin ang mga talambuhay nina Jose Rizal at Andres Bonifacio. (__)
8. Pagkatapos ng napakalakas na lindol, nakita nila na halos lahat ng mga gusali ay bumagsak. (__)
9. Mananaliksik tayo sa silid-aklatan o makikipanayam tayo sa mga dalubhasa. (__)
10. Magaling tumugtog ng piyano si Jenny at mahusay kumanta ang ate niya. (__)
11. Ang mahirap na gawain ay gumagaan kapag tayo ay nagtutulungan. (__)
12. Ang kalayaan ay matatamo ng mga mamamayan na nagkakaisa. (__)
13. Pinatunayan ni Loren na karapat-dapat siya maging pinuno ng samahan. (__)
14. May narinig siyang malakas na dagundong, kaya siya ay biglang bumangon. (__)
15. Ipaalam mo sa amin kung may balita sa telebisyon tungkol sa halalan. (__)
16. Ang reyna ay lumabas sa mataas na balkonahe at kumaway sa mga tao. (__)
17. Ang pangulo at ang kanyang mga tagapayo ay nagpupulong sa Malacañang. (__)
18. Upang lalong maunawaan ninyo ang aralin, magbibigay ako ng ilang halimbawa. (__)
19. Simula nang naging alkalde si Ginang Tomas, marami ang pagbabago sa lungsod. (__)
20. Nakapasa siya sa gusto niyang kolehiyo, pero walang pambayad ng matrikula ang kanyang mga magulang. (__)

©2013 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap (Mga Sagot)

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak**, **T** kung ito ay **tambalan**, at **H** kung ito ay **hugnayan**.

1. Ang pangulo ay umakyat sa entablado at nagbigay ng talumpati. (**P**)
2. Mamamasyal kami sa plaza pagkatapos namin magsimba. (**H**)
3. Malalaki ang silid-tulugan at malinis ang malaking bakuran. (**T**)
4. Pumasok ang mga bata nang marinig nila ang tunog ng kampanilya. (**H**)
5. Ang blusa ay maganda, ngunit hindi ito kasya sa akin. (**T**)
6. Kung wala akong kasama, hindi ako papayagan na umalis ng bahay. (**H**)
7. Nahuli sa klase si Tom dahil hinatid pa niya ang kanyang kapatid. (**H**)
8. Kumakain ng almusal si Noel at nagbibihis si Sonia sa kuwarto. (**T**)
9. Nagpatahi ng uniporme si Natalie sa kanyang tita na modista. (**P**)
10. Alamin natin ang mga karapatan ng bawat batang Filipino. (**P**)
11. Papaliguan namin ang aso o didiligan namin ang mga halaman. (**T**)
12. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw. (**P**)
13. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay. (**H**)
14. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas. (**P**)
15. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop. (**T**)
16. Hindi tayo makakaalis habang malakas pa ang buhos ng ulan. (**H**)
17. Mahilig mag-alaga ng iba't ibang hayop ang kapatid ko. (**P**)
18. Dahil masipag at desidido siya, nakatayo siya ng sarili niyang negosyo. (**H**)
19. Umalis ako sa bahay nang maaga, subalit wala akong masakyan na dyip. (**T**)
20. Kapayapaan at kaayusan ay nais ng mga mamamayan sa Mindanao. (**P**)

©2013 Pia Noche

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kayarian ng Pangungusap (Mga Sagot)

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak**, **T** kung ito ay **tambalan**, at **H** kung ito ay **hugnayan**.

1. Ang bagong tuta niya ay isang pitbull at pinangalanan niya itong Junior. (**T**)
2. Magaling umarte ang mga aktor at aktres sa pelikulang napanood ko. (**P**)
3. Gusto nilang magbisikleta, subalit masama ang lagay ng panahon ngayon. (**T**)
4. Ang tunay na kaibigan ay mapagkakatiwalaan sa panahon ng kagipitan. (**P**)
5. Habang umaawit si Fiona, si Jenny ay tumutugtog ng piyano. (**H**)
6. Iligpit na ninyo ang mga laruan sa sala bago dumating sina Tatay at Nanay. (**H**)
7. Pag-aralan natin ang mga talambuhay nina Jose Rizal at Andres Bonifacio. (**P**)
8. Pagkatapos ng napakalakas na lindol, nakita nila na halos lahat ng mga gusali ay bumagsak. (**H**)
9. Mananaliksik tayo sa silid-aklatan o makikipanayam tayo sa mga dalubhasa. (**T**)
10. Magaling tumugtog ng piyano si Jenny at mahusay kumanta ang ate niya. (**T**)
11. Ang mahirap na gawain ay gumagaan kapag tayo ay nagtutulungan. (**H**)
12. Ang kalayaan ay matatamo ng mga mamamayan na nagkakaisa. (**P**)
13. Pinatunayan ni Loren na karapat-dapat siya maging pinuno ng samahan. (**P**)
14. May narinig siyang malakas na dagundong, kaya siya ay biglang bumangon. (**T**)
15. Ipaalam mo sa amin kung may balita sa telebisyon tungkol sa halalan. (**H**)
16. Ang reyna ay lumabas sa mataas na balkonahe at kumaway sa mga tao. (**P**)
17. Ang pangulo at ang kanyang mga tagapayo ay nagpupulong sa Malacañang. (**P**)
18. Upang lalong maunawaan ninyo ang aralin, magbibigay ako ng ilang halimbawa. (**H**)
19. Simula nang naging alkalde si Ginang Tomas, marami ang pagbabago sa lungsod. (**H**)
20. Nakapasa siya sa gusto niyang kolehiyo, pero walang pambayad ng matrikula ang kanyang mga magulang. (**T**)

©2013 Pia Noche